تاجالوج

# SI MUHAMMAD SA BIBLIYA

## محمد في التوراة والإنجيل



مكتب الدعوة بحي الروضة

# Si Muhammad sa Bibliya

Ikatlong Edisyon 8/1999

# محمد في التوراة والإنجيل

## الطبعة الثالثة

## ١٤٢٠/٤

## ترجمة : شعبة توعية الجاليات بالزلفي

**Isinalin ng:**
Zulfi Foreigners' Guidance Office
P.O. Box: 182
Zulfi 11932
Saudi Arabia
Tel.: 06 4225657
Fax: 00966 4224234

270 Badawi, Jamal
B11 Si Muhammad sa Bibliya
1999 Jamal Badawi; Translated into Filipino by
Zulfi Foreigners' Guidance Office, 1420/1999.
43p.;12cm×17cm.
ISBN 9960-9042-3-9
1. Prophet Muhammad's Life 2. Bible
3. Prophets 4. السيرة النبوية
I. Zulfi FGO, tr. II. Title: Si Muhammad sa Bibliya
III. محمد في التوراة والإنجيل

## ANG PAGSANGGUNI SA BIBLIYA

Makatuwiran ba para sa mga Muslim na sipiin ang Bibliya o sumipi mula rito? Tila mayroong dalawang karaniwan at labis-labis na maling palagay hinggil sa saloobin ng mga Muslim sa Bibliya:

**A.** Na ibinabatay ng mga Muslim sa Bibliya ang kabuuan o ang bahagi ng kanilang pananampalataya;

**B.** Na tinatanggihan ng mga Muslim ang Bibliya sa kabuuan at wala silang tinatanggap ni isang salita mula rito.

Para sa mga Muslim, ang Qur'an ay ang panghuli ngunit *hindi lamang ang nag-iisang* banal na aklat na ipinahayag ni Allah[1] sa sangkatauhan sa pamamagitan ng Kanyang mga Sugo. Gayon pa man, ito lamang *ang nag-iisang* banal na aklat na nanatiling *di-nabago* simula pa noong panahong ipinahayag ito hanggang sa panahon ngayon. Hindi lamang sa ang buong teksto ng Qur'an ay makakamtan, ito rin ay makakamtan nang buo at nasa wastong anyo gaya ng pagkabigkas ni Propeta Muhammad (SKP)[2] noong panahon ng pagpahayag nito, at nasa orihinal na wikang ginamit noong ito ay ipinahayag (sa wikang Arabe). Walang pagdaragdag, pagbabawas, o pagbabago na nakapasok sa Qur'an. Para sa mga Muslim, ang Qur'an ang tanging nananatiling *kapani-paniwala* at *tunay* na kapahayagang makakamtan ng sangkatauhan; kapani-paniwala dahil sa ang isang walang pagkiling na pag-aaral sa Qur'an ay malinaw na nagpapakita sa maka-Diyos na pinagmulan

---

[1] Ang salitang **Allah** sa wikang Arabe ay ang pangalan ng Nag-iisa at Natatanging Diyos, Lumikha, Panginoon at Tagapagtustos ng Sansinukob. Hindi gaya ng Tagalog na **Diyos**, wala itong kasarian (pambabae o panlalake) o maramihan; karapatdapat at naaayong pagbigay-diin sa Kadakilaan at Kaluwalhatian ng Lumikha.

[2] **(SKP)**: Sumakanya nawa ang Kapayapaan at Pagpapala ni Allah. Ipinapanalangin ito kay Propeta Muhammad at sa lahat ng Propeta at Sugong nauna sa kanya bilang isang tanda ng pagmamahal at paggalang sa kanila. **(SlaKP)**: Sumakanila nawa...

nito; at tunay dahil sa mga kapani-paniwalang katibayan na ito ay nanatiling buo at ipinarating sa atin gaya ng kung papaanong ipinahayag ito, na hindi nahahaluan ng mga ideya at mga doktrina buhat sa tao at pilosopiya. Kaya naman, hindi na nangangailangan ang mga Muslim ng iba pang mga kasulatan upang *pagbatayan* ng kanilang pananampalataya, sa kabuuan o sa bahagi.

Sa kabilang dako, maling isipin na tinatanggihan ng mga Muslim ang Bibliya sa kabuuan at hindi tumatanggap ni isang talata nito. Mayroong dalawang dahilan para rito:

**A.** Ang isa sa mga pangunahing saligan ng pananampalataya sa Islam ay ang paniniwala sa lahat ng Propeta at Sugo na isinugo bago dumating ang kahuli-hulihan sa kanila, si Propeta Muhammad (SKP). [Ang paniniwalang] ito ay humihiling din na kailangang paniwalaan ang mga Banal na Kasulatan na ipinahayag sa mga propetang iyon, sa orihinal na mga anyo noong ipinahayag ang mga ito;[3]

**B.** Ayon sa Banal na Qur'an, ang lahat ng mga Propeta ay mga Muslim (ang sinumang matapat at mapagmahal na sumusuko sa kalooban ni Allah), ang kanilang mga itinuturo ay walang iba kundi ang sinaunang Islam (taos-pusong pagmamahal at tapat na pagsuko kay Allah) at ang kanilang tapat na mga tagasunod ay mga Muslim din.[4] Ang katotohanang ang paghahatid sa mga naunang kapahayagan, bago ang Qur'an, ay nagdanas ng mga kakulangan sa katumpakan at mga maling pagpapaliwanag, ay hindi makapagbibigay-katwiran sa isang lubusan at walang pasubaling pagtanggi sa gayong mga kasulatan. Tiyak na may ilang talata o bahagi ng Bibliya na ang

---

[3] Ang Qur'an 2:285. Tingnan din ang 2:136, 176; 3:3, 84; 5:84.

[4] Tingnan halimbawa ang Qur'an 3:67; 2:128,133; 3:52; 10:84; 17:31; 22:78; 3:19,85.

pinakabuod ng mga ito, kung hindi man ang pananalita, ay hindi kailangang tanggihan ng mga Muslim.

## BATAYAN SA PAGTANGGAP

Ano ang batayan ng mga Muslim sa pagtanggap o pagtanggi sa mga bahagi o mga talata mula sa Bibliya? Ang Qur'an mismo ang nagbigay ng ganoong batayan(Qur'an 5:48):

**"At ibinaba Namin sa iyo ang Aklat taglay ang katotohanan, na nagpapatotoo sa nauna rito na aklat at nag-iingat doon."**

Binibigyang-diin ng talatang ito ang dalawang pangunahing paninindigan ng Qur'an:

**A.** Ang Qur'an ay nagpapatotoo sa mga katuruan o mga talata ng naunang mga kasulatan, na nanatiling di-nabago.[5]

**B.** Ang Qur'an ay ang panghuli, kumpleto, kapani-paniwala, at tunay na kapahayagan. Ito ang pangwakas na tagapaghusga at ang nag-iisang batayan sa pagwawasto sa ano mang mga kakulangang sa katumpakan o mga maling pakahulugan na maaaring naganap sa pagpaparating ng naunang mga kasulatan. Nakatutulong ito sa pagtuklas sa mga pagdaragdag o mga pagbabago na ginawa ng tao sa mga naunang kapahayagan; ibinubunyag pati nito ang mga maaaring pagbabawas na maaaring naganap ilang siglo bago naipahayag ito (ang Qur'an). Sa katunayan, ang isa sa mga pangalan ng Qur'an ay *al-Furqán* (ang pamantayang nagbubukod ng tama sa mali, ng katotohanan sa kabulaanan).

Alinsunod dito, samakatuwid ang isang Muslim ay walang dahilang tanggihan ang pinakadiwa ng ano mang talata ng Bibliya

---

[5] Sa Qur'an, si Propeta Muhammad (SKP) ay inatasang anyayahan ang mga Israelita: **"...Sabihin mo: "Dalhin nga ninyo ang Torah at basahin ninyo ito kung kayo nga ay mga mapagtapat." "** (Qur'an 3:93) Tingnan din ang 5:68-69, 71; 48:29.

kung ang ganoong talata ay pinatotohanan ng Qur'an.[6] Halimbawa, mababasa natin sa Bagong Tipan ang isang pag-uulit ng isa sa sampung kautusan:

"Sumagot si Jesus, Ang pangulo ay, Pakinggan mo, Oh Israel; Ang Panginoon nating Dios, ang Panginoon ay iisa." (Marcos 12:29)

Ang isang Muslim na makababasa ng talatang ito sa Bibliya ay hindi makakikita ng maitututol sa pinakadiwa nito yayamang ang Qur'an ay nagpapatotoo rito:

**"Sabihin mo, "Siyang si Allah ay iisa."** (Qur'an 112:1)

Gayon pa man, kung makababasa ang isang Muslim sa Bibliya (o sa ibang mga naunang kasulatan) ng mga paratang ng mga malaking kasalanang moral na ibinintang sa mga dakilang propeta o ng mga doktrinang lubusang itinatanggi ng Qur'an, tatanggapin lamang ng isang Muslim ang nasasaad sa Qur'an bilang orihinal at hindi nahaluang katotohanan, na ipinahayag ni Allah (Diyos).

Gayundin naman, kung ang Bibliya (o iba pang mga naunang kasulatan) ay naglalaman ng maliwanag na mga hula tungkol sa pagdating ni Propeta Muhammad (SKP), at kung pinatotohanan din ng Qur'an ang pahayag na iyon, kung gayon ay walang ano mang kataka-taka o maitututol sa pagtukoy sa gayong mga hula.

## ANG PAGTUKOY NG QUR'AN SA MGA HULA

Mayroon bang kapani-paniwalang batayan sa Qur'an upang sabihing ang Bibliya ay naglalaman ng mga hula hinggil sa

---

[6] Tingnan halimbawa ang Qur'an 2:185; 25:1. Sa pagpapatotoo ng Qur'an sa naunang mga kapahayagan, ito ang ating mababasa: **"At ang Qur'an na ito ay hindi magagawa ng iba pa kay Allah, datapuwat pagpapatotoo sa nauna rito at masusing pagpapaliwanag sa Kasulatan, na walang pag-aalinalangan sa nilalaman nito na mula sa Panginoon ng mga nilalang."** (Qur'an 10:37) Tingnan din ang 12:111; 2:89,101; 6:92; 46:12; 2:41,91,97; 35:31; 46:30.

pagdating ni Muhammad (SKP)?

Ang orihinal na mga kapahayagang ibinigay sa mga Propeta noong unang panahon ay naglalaman ng isang buo at maliwanag na balangkas ng paglalarawan ng pagdating ni Propeta Muhammad (SKP). Kahit na sa kasalulukuyang (mga) anyo nito, ang Bibliya ay naglalaman pa rin ng maraming ganoong hula na gaya ng ipakikita sa susunod na mga kabanata. Gayon pa man, makabubuting magsimula sa pamamagitan ng pagpapatunay sa inilahad sa itaas.

**A.** Sa paglalarawan sa tunay na mga mananampalataya, ang Qur'an ay nagpahayag:

**"Ang mga sumusunod sa Sugo, ang Propeta na di-marunong bumasa't sumulat, na matatagpuan nilang nakasulat sa nasa kanila sa Tawrah at Injil ay uutusan niya sila sa *paggawa ng* minamabuti at sasawayin niya sila sa *paggawa ng* minamasama at ipahihintulot niya sa kanila ang mga nakabubuti at ipagbabawal niya sa kanila ang mga nakasasama at aalisin niya sa kanila ang mga pasanin nila at ang mga pataw na nakasuot sa kanila. Kaya ang mga naniwala sa kanya, nagpitagan sa kanya, tumulong sa kanya, at sumunod sa liwanag na ibinaba sa kanya—ang mga iyon ang mga matagumpay." (Qur'an 7:157)**

Ipinahihiwatig ng talatang ito na ang mga katangian, pati na ang mga katuruan ng Sugong iyon, ang Propetang di-marunong bumasa at sumulat, ay binanggit sa Tawrah (Torah) at Injil (Ebanghelyo).

**B.** Nasasaad sa Qur'an na si Propeta Jesus (SKP) ay nagsabi:

**"At *banggitin* noong magsabi si Jesus na anak ni Maria: "O mga anak ni Israel, tunay na ako ang sugo ni Allah sa inyo na nagpapatotoo sa Torah na nauna sa akin at naghahatid ng nakalulugod na balita ng isang Sugo na darating kapag wala na ako, na ang kanyang pangalan ay Ahmad." Subalit**

**noong dumating na siya sa kanila dala ang mga malinaw na patunay ay nagsabi sila: "Ito ay isang malinaw na panggagaway." "**[7] (Qur'an 61:6)

Ang kawili-wiling bahagi sa talatang ito ay na ipinakikita nito na sa orihinal na kapahayagang winika ni Propeta Jesus (SKP), pati na ang pangalan ng sugo na matagal nang hinihintay ay nabanggit na **Ahmad**, na isa rin sa mga pangalan ni Propeta Muhammad (SKP). Ang usaping ito ay tatalakayin pa mamaya.

## PANGALAN O MGA PALATANDAAN?

Sa pagtuon sa Bibliya, mayroong maaaring agad na magtanong: Nabasa ko na ang Bibliya nang maraming beses, ngunit hindi ko nakita kailanman ang pangalang Muhammad. Ano ngayon ang nagbibigay-katwiran sa pamagat na "Si Muhammad sa Bibliya?"

Ang maraming Kristiyanong Teologo ay walang nakikitang hirap sa pagpapakita ng itinuturing nilang maliwanag na mga hula tungkol sa pagdating ni Jesus. Saan sa Matandang Tipan lumitaw ang pangalang Jesus? Wala kahit saan man! Ang pangunahing tanong ay lumitaw na ba ang balangkas (*profile*) ng **propeta** na darating o hindi pa, at sino ang tumutugma sa balangkas na iyon?

Ang balangkas ni Propeta Muhammad (SKP) ay lubhang malinaw sa maraming Hudyo at Kristiyano sa kapanahunan niya kaya marami sa kanila ang nagsiyakap sa Islam at tinanggap siya bilang katuparan sa maraming hula ng Bibliya. Mula pa noon, mayroon nang maraming iba pang humantong sa ganoon ding

---

[7] Kasama sa karagdagang reperensiya mula sa Qur'an ay ang 2:89 (na ang mga Israelita ay umaantabay sa pagdating ng bagong Propeta); 2:146-147 (Malinaw na nalalaman ng mga May Aklat ang katotohanan at ang pagkakalarawan kay Propeta Muhammad (SKP) gaya ng pagkakilala nila sa kanilang mga anak); at 3:81 (Gumawa si Allah ng tipan sa mga Propeta na maniwala sa kanya at tutulungan "nila mismo o ng kanilang mga tagasunod" ang Sugong darating na magpapatotoo sa naipahayag sa kanila.).

konklusyon. Ang karagdagang mga katanungan hingil sa posibleng pagkabanggit [sa Bibliya] ng pangalan ni Muhammad (SKP) ay tatalakayin mamaya.

## MGA HULA SA BIBLIYA HINGGIL KAY JESUS (SKA)

Ang nagdaang pagtatalakay ba ay nangangahulugang ang lahat ng hula na pinaniniwalaang natupad kay Propeta Jesus ay kung talagang tutuusin ay natupad kay Propeta Muhammad (SKP) sa halip na sa kanya?

Walang dahilang isaisantabi ang posibilidad na ang ilan sa mga hula sa Matandang Tipan ay totoong natupad kay Propeta Jesus. Hindi ito nagsisilbing isang suliranin para sa mga Muslim. Sa pagsangguni sa Qur'an lamang ay tinatanggap na ng mga Muslim si Jesus bilang isang tunay at pangunahing propeta ni Allah. Ganoon din ang inulit-ulit sa mga sinabi ni Propeta Muhammad (SKP). Gayon pa man, mayroon ilang hula sa Matandang Tipan na sa matagal nang panahon ay minali ang pagkaunawa nang sa gayon ay ipatungkol kay Jesus. Ang gayong mga hula kung tutuusin ay tumutukoy kay Propeta Muhammad (SKP). Ang isa sa gayong mga hula na tatalakayin mamaya ay ang nasa Deuteronomio 18:18. Ang pagsusuri at ang pagpapanibagong pakahulugan sa ganoong mga hula ay hindi maaaring makapagdulot ng masamang saloobin sa kapita-pitagang katayuan ni Propeta Jesus (SKP) sa mga puso ng mga Muslim. Bagkus ito ay isang pagpapahayag ng katotohanan na ipahahayag din sana ni Jesus mismo kung siya ay kapiling sana natin ngayon.

## MGA PANGUNAHING SANGKAP NG BALANGKAS NI MUHAMMAD (SKP)

Ano, kung gayon, ang mga sangkap ng "balangkas" (*profile*) ni Propeta Muhammad (SKP) na inilarawan sa Bibliya?

Naglalaman ang balangkas na iyon ng anim na mahahalagang sangkap:

- Ang angkan ng propeta,
- Ang kanyang mga katangian,
- Ang pook na kanyang pinagmulan,
- Ang kapahayagan na ibibigay sa kanya,
- Ang mga pangyayaring magaganap sa kanyang kapanahunan,
- Ang panahon noong siya ay dumating.

## ANG ANGKAN NG PROPETA

### SI PROPETA ABRAHAM: ANG AMA NG LAHAT

Ang mga Hudyo, ang mga Kristiyano, at ang mga Muslim ay nag-aangkin ng isang (*common*) ama, si Propeta Abraham, ang ama ng Monoteismo (paniniwala sa kaisahan ng Diyos). Ano ang anyo ng banghay ng kanyang talaangkanan (*family tree*)?

Ang isang payak na pagsulyap dito ay maaaring makatulong upang ipakita ang ilan sa mga pangunahing kasapi sa banghay ng talaangkanan ni Abraham.[8]

Si Abraham ay nag-asawa kay Sara. Mula sa pagsasama nila ay lumitaw sa mga supling nila ang sumusunod na mga propeta: sina Isaac, Jacob, Jose, Moises, David, Solomon at Jesus (SlaKP). Si

[8] Ayon sa Genesis 25:1, si Propeta Abraham (SKP) ay nag-asawa rin kay Keturah pagkamatay ni Sara. Ang binibigyang-diin sa usapin ngayon, gayon pa man, ay ang una niyang dalawang anak, na ang pagpapala sa mga ito ay nabanggit sa Qur'an at sa Bibliya na tatalakayin mamaya.

Abraham ay nag-asawa rin kay Hagar. Mula naman sa pagsasama nila ay lumitaw sa mga supling nila ang sumusunod na mga propeta: sina Ismael at Muhammad (SlaKP). Ayon sa Bibliya, unang nakasal si Abraham kay Sara na nagkataon namang isang baog at hindi siya nabigyan nito ng anak (Genesis. 16:1).

Ayon sa pagkasunod-sunod ng mga pangyayari sa Aklat ng Genesis, gumawa na nang mahalagang pangako ang Diyos kay Abraham, kahit noon pa mang bago siya nagkaroon ng anak:

> "At gagawin kitang isang malaking bansa, at ikaw ay aking pagpapalain, at padadakilain ko ang iyong pangalan; at ikaw ay maging isang kapalaran; At pagpapalain ko ang mga magpapala sa iyo, at susumpain ko ang mga susumpa sa iyo; at pagpapalain sa iyo ang lahat ng angkan sa lupa." (Genesis 12:2-3)

Sa isa pang kabanata sa Aklat ng Genesis (16), sinabi sa atin na ibinigay ni Sara ang isang alila (si Agar) kay Abraham upang maging asawa niya, sa pag-asang mabibigyan siya nito ng anak.[9]

Isinilang nga ni Agar ang unang anak ni Abraham, na ang pangalan nito na Ismael, na nangangahulugang "Dininig ng Diyos," ay ibinigay ng mga Anghel (Gen. 16:11). Sa sumunod na labing-apat na taon, si Ismael lamang ang bugtong na anak ni Abraham.

Matapos isilang si Ismael at bago isilang si Isaac, ang pangako ng Diyos na pagpapalain ang mga angkan sa lupa sa pamamagitan ng mga inapo ni Abraham ay inulit:

> "Tungkol sa akin, narito ang aking tipan ay sumasaiyo, at ikaw ang magiging ama ng maraming bansa." (Genesis 17:4)

---

[9] Dapat mapansing ang pag-asawa ng higit sa isa ay hindi bibihira sa mga Israelita, kabilang na ang ilan sa mga Israelitang propeta. Kahit na "ang Kaibigan ng Diyos" na si Propeta Abraham (SKP), na pinagpala ng Diyos at sa pamamagitan niya ang mga angkan ng lupa ay pinagpala (Genesis 12:2-3, 17:4), ay may maraming asawa at tiyak na dahil sa isang mabuting dahilan.

May isa pang kalugod-lugod na sorpresang naghihintay kay Abraham. Sa kanyang katandaan, ang maybahay niyang si Sara ay magsisilang ng isa pa niyang anak, si Isaac (SKP) (Genesis 21:5).

Sinasabi sa atin ng Bibliya na dahil sa paninibugho, hiniling ni Sara sa kanyang asawang si Abraham na ilayo si Ismael at ang ina nitong si Agar (Genesis 21:10), na sa dakong huli ay nanirahan sa ilang ng PARAN (Genesis 21:21).

Ang pangako ng Diyos na pagpapalain ang mga inapo ni Abraham ay tunay ngang nagkatotoo. Mula sa ikalawang anak ni Abraham, si Isaac, nagmula ang mga Israelitang propetang gaya nina Jacob, Jose, Moises, David, Solomon[10] at Jesus (SlaKP) na siyang pinakahuling propetang Israelita.[11] Ang katuparan ng pangako ng Diyos sa mga Israelitang inapo ni Abraham ay binanggit nang maliwanag at maraming ulit sa Bibliya. Papaano naman natupad ang pangakong iyon sa mga Ismaelitang sangay ng angkan ni Abraham? O natupad na kaya iyon kahit papaano? O matutupad pa lamang?

Sa pagsisimula, hindi sumisira ang Diyos sa mga pangako Niya, ni Kanyang nalilimutan ang mga ito. Kawili-wiling mapapansin na habang ang Bibliya ay naglalaman ng maraming detalye tungkol sa Israelita na sangay, ang Ismaelita na sangay naman ay talagang hindi na pinansin. Maliban pa sa kakaunting pagbanggit dito at doon,[12] ang Bibliya ay talagang tahimik tungkol sa mga Ismaelita.

Kung tatanggaping ang Diyos ay hindi sumisira sa Kanyang

---

[10] Ayon sa paniniwala ng mga Muslim, sina David at Solomon (SlaKP) ay kapwa mga propeta ni Allah at hindi lamang mga "hari."

[11] Nililinaw ng Qur'an na si Jesus ay isa sa mga pangunahing propeta ng Diyos. Para sa karagdagang pagtatalakay sa usaping ito, tingnan ang *Jesus in the Qur'an* (Si Jesus sa Qur'an) ni Jamal Badawi, Islamic Information Foundation.

[12] Halimbawa, si Ismael (SKP) ay mayroong labindalawang anak, kabilang na roon si Cedar (Kedar), Genesis 25:13. Ang iba pang detalye ay tatalakayin mamaya.

mga pangako (isang pangunahing kailangan sa pananampalataya ng sinumang naniniwala sa Diyos), samakatuwid mayroon na lamang dalawang posibilidad na maiiwan sa atin:

A. Na ang gayong pangako ng pagpapala na sumaklaw sa mga Israelita ay natupad na;

B. Na ito ay matutupad pa lamang.

Bantog na katotohanan na mula sa mga inapo ni Ismael (SKP) lumitaw ang huling dakilang Propeta ng Monoteismo, si Propeta Muhammad (SKP), na ang kanyang mga tagasunod ay binubuo halos ng ikalimang bahagi ng kabuuang populasyon ng mundo sa lahat ng sulok ng daigdig.

Pagkatapos biyayaan ang mga inapo ni Isaac, ang mga Israelita, ng espirituwal na pamumuno sa loob ng maraming siglo, at pagkatapos ng maraming pagkahulog sa kasalanan at pagsuway sa Diyos na nagawa nila, binigyan sila ng huling pagkakataon sa pamamagitan ng pagsusugo ng huling Israelitang propeta, si Jesus. Nang si Jesus ay tinanggihan din, ito na ngayon ang panahon sa plano ng Diyos na tuparin din ang pangako Niya sa Ismaelitang sangay, ang sangay na nanatiling di-kilala hanggang sa ito ay ginawang **malaking bansa**[13] sa pamamagitan ng pagsusugo sa bantog na Propeta, si Muhammad (SKP) na isa sa mga inapo ni Propeta Abraham mula kay Ismael (SlaKP). Ang paglipat ng pagkapropeta at espirituwal na pamumuno sa Ismaelitang sangay ng mga inapo ni Abraham ay nagbigay ng kaganapan sa matagal nang pangako ng Diyos na pagpapalain ang mga angkan sa lupa sa pamamagitan ni Abraham, ang ama ng Monoteismo at Patriarka na iginagalang ng mga Hudyo, mga Kristiyano, at mga Muslim.

Sa sinumang may pag-iisip na walang kinikilingan, ang mga katunayan lamang sa itaas ay makasasapat na upang ipakita ang

[13] Ang partikular na reperensiya hinggil sa paggawa kay Ismael na malaking bansa ay makikita sa Gen. 21:13,18. Ang mga mahalagang talatang ito ay tatalakayin mamaya.

ugnayan ng gayong mga dakilang Propeta na tulad nina Abraham, Isaac, Ismael, Moises, Jesus, at Muhammad (SlaKP).

Kung ang gayong mga hula hinggil sa pagdating ni Propeta Muhammad (SKP) ay gayon kaliwanag, papaanong ang milyon-milyong mambabasa ng Bibliya ay hindi humantong sa gayong konklusyon? Kung isasaisang-tabi muna sa ngayon ang ibang mga dahilan, wari bagang ang pagkakasama ng maling haka-haka at maling pagkaunawa ay may bahagyang pananagutan sa ganitong kalagayan. Ating susuriin ang mga haka-hakang ito.

## MGA PAGTUTUTOL SA PAGSAMA KAY ISMAEL SA TIPAN NG DIYOS KAY ABRAHAM

Si Ismael at ang kanyang mga inapo ay hindi ba isinama sa Pangako at Tipan ng Diyos? Ang isang karaniwan ngunit maling sagot sa tanong na ito ay oo. May ilang katwirang ibinibigay:

**A.** Si Ismael ay hindi isang lehitimong anak ni Abraham.

Ayon sa mga komentarista ng *The Interpreter's Bible*:

"Si Ismael, gaya ni Isaac, ay supling ni Abraham; ngunit si Isaac ang anak ng pangwakas na pangako, na isinilang ni Sara na tunay na maybahay, samantalang si Ismael ay isinilang ng isang babaeng alipin. Bagamat siya ay galing sa lahi ni Abraham, gayon pa man, nararapat na siya ay ihiwalay sa lehitimong anak." [14]

Ang argumentong ito ay hindi makakatigan ng katwiran, moralidad, o kahit ng pagbatay pa sa kasalukuyang mga limbag ng Bibliya mismo. Ang diumano'y kalagayan ng pagkaalipin ni Agar ay humadlang ba sa kanya upang maging isang lehitimong maybahay ni Abraham? Bakit siya ay hindi isang *tunay* na maybahay? Kung siya ay hindi *tunay* na maybahay gaya ni Sara, anong uri ng maybahay siya?

[14] *The Interpreter's Bible*, Abingdom Press. N.Y., 1952 Volume 1, p. 605.

Ang mga teksto ng Bibliya, sa kabila ng mga posibilidad ng mga pagdaragdag o pagbabago sa bandang huli, ay hindi gumagawa ng gayong pahayag. Sa Genesis 16:3, si Agar ay inilalarawan na isang *asawa* ni Abraham.[15] Kung si Hagar ay isang *lehitimong* asawa ni Abraham, walang anumang mga batayan para pag-alinlanganan ang pagiging *lehitimo* ng anak niyang si Ismael. Sa katunayan ang Bibliya ay tumutukoy kay Ismael bilang anak ni Abraham,[16] na siyang panganay ni Abraham.

Kahit pa man si Agar ay isang aliping babae, makaaapekto ba iyon sa mga karapatan at mga pribelihiyo ng kanyang anak na si Ismael? Ang kasagutan ay matatagpuan sa Bibliya mismo. Sa mga kaugaliang Hebreo, ang panganay na anak na lalaki ay may dobleng bahagi ng karangalan, pati na sa pagmamana, at ang karapatang iyon ay hindi mababago dahil sa katayuan ng kanyang ina.

Sa *Interpreter's Bible* ay mababasa natin ang sumusunod na komentaryo sa Deuteronomio 21:15-17:

> "Gayon pa man, ang batas hinggil sa panganay ay may matandang kapahintulutan, at hanggang ito ay tinatanggap, hinihingi ng katarungan na ang payak na pagtangi ay hindi papayagang magkait sa pinakamatandang anak na lalaki ng karapatan niya."[17]

Dapat malamang ang Diyos ay hindi umaayon sa mga saloobin ng tao na naniniwala sa superyoridad na panlipi o panlahi o sa

---

[15] "At kinuha ni Sarai na asawa ni Abram, si Agar na taga Egipto, na kaniyang alila, pagkaraan ng sangpung taon na makatahan si Abram sa lupain ng Canaan, at ibinigay kay Abram na kaniyang asawa **upang maging asawa niya.**" (Genesis 16:3, Ang pagbibigay-diin ay sa amin.)

[16] Tingnan halimbawa ang Genesis 21:13. Sa ibang mga talata si Ismael ay tinawag na anak ni Abraham: "At nanganak si Agar ng isang lalake kay Abram at ang itinawag ni Abram, **na pangalan sa kaniyang anak na ipinanganak ni Agar, ay Ismael.**" (Gen. 16:15, Ang pagbibigay-diin ay idinagdag.); "At inilibing siya (Abraham) ni Isaac at ni Ismael na kaniyang mga anak..." (Gen. 25:9, Ang pagbibigay-diin ay sa amin.)

[17] *Interpreter's Bible,* op. cit., volume 2, p. 461. Ang pagbibigay-diin ay sa amin.

pagtatangi-tangi at lalo naman sa pagpapababa ng espirituwal at pantaong mga katangian ng sangkatauhan dahilan sa isang kapus-palad na kalagayan ng pagkaalipin. Ang kamalian ng diumano'y abang katayuan ni Ismael sanhi ng abang katayuang panlipunan ng kanyang ina ay hindi lamang salungat sa batas ng Hudyo (hal. Deut. 21:15-17), ito rin ay salungat sa pangmoralidad, makatao at panlahat na katangian ng kapahayagan ng Diyos, na minamahal ng sinumang sumasampalataya sa Kanya.

**B. Si Isaac lamang ang anak ng pangako at tipan.**

Kung minsan, binabanggit ang sumusunod na mga talata sa Aklat ng Genesis:

"Nguni't ang aking tipan ay pagtitibayin ko kay Isaac..." (Gen. 17:21);

"...sapagka't kay Isaac tatawagin ang iyong lahi." (Gen. 21:12)

May isang nakawiwiling tanong dito: Hindi kaya posible na isiningit ng (mga) nagsulat ng aklat na ito (Genesis) ang ganoong mga pahayag upang magalingin ang sariling lipi niya, yayamang siya mismo ay isang Israelita? Ayon sa *The Interpreter's Bible*:

"Hindi ibig ng maraming Israelita ang isang Diyos na magiging Diyos din ng lahat ng bansa sa daigdig. Hindi nila ibig ang isang [Diyos na] magiging Kabanalang walang pinapanigan. Ibig nila ang isang Diyos na magiging kampi sa kanila. Kaya mababasa natin sa Deuteronomio ang mga kahilingang lipulin nang lubusan ang lahat ng lahing di-Israelita sa Palestina (Deut. 7:2). At sa pagpapatupad ng kautusang iyon, basahin ang malupit na mga pangungusap ng Deut. 20:10-17"[18]

[18] *Interpreter's Bible,* op. cit. Volume 1, p. 575. Ang binanggit na mga talata ay ganito ang mababasa sa Bibliya: "At pagka sila'y ibibigay sa harap mo ng Panginoon mong Dios, at iyong sasaktan sila: ay lubos mo ngang lipulin sila: Huwag kang makikipagtipan sa kanila, ni huwag mong pagpakitaan ng kaawaan sila:..." =

Ang posibilidad ng mga pagsisingit na ipinasok sa diumano'y *orihinal* na teksto ng kapahayagan ay isang bagay na maluwag na inaamin ng maraming pantas ng Bibliya, kabilang na ang mga pantas na tapat na naniniwala sa Kristiyanismo gaya ng mga patnugot at mga nag-ambag sa *The Interpreter's Bible.*[19]

Halimbawa, ang katagang "taga Egipto" na matatagpuan sa Genesis 16:3 sa pagtukoy kay Agar ay pinaghihinalaang isang *pagsisingit* at na si Agar kung tutuusin Agar ay isang *bedouin* at hindi isang babaeng taga-Egipto.[20]

Karagdagan pa sa ganoong posibilidad, kung hindi malamang na pangyayari, ng mga pagsisingit sa Genesis 17:21 at 21:12, ang mga ito ay hindi naman tahasang mismong nag-aalis kay Ismael sa pangako at tipan ng Diyos.

Ang kapwa talata ay maaaring unawain na tumutukoy sa medyo "malapit" na hinaharap na tatagal ng ilang mga siglo na sa mga panahong iyon ang tipan ng Diyos at ang mga binhi ng pakapropeta

= (Deuteronomio 7:2); "Bago ninyo salakayin ang isang lunsod, alukin muna ninyo sila sa pakikipagkasundo. Kapag sila'y pumayag, magiging alipin ninyo sila. Kung ayaw nilang makipagkasundo at sa halip ay lumaban, sakupin ninyo sila. Kapag sila'y nalupig na ninyo sa tulong ng Diyos, patayin ninyo ang lahat ng lalaki roon. Bihagin ninyo ang mga babae, at ang mga bata, at samsamin ang mga hayop at lahat ng maaari ninyong makuha. Yaon ay para sa inyo. Maaari ninyong kunin pagkat ipinagkaloob ko sa inyo. Ganyan ang gagawin ninyo sa lunsod na malayo sa inyo. Ngunit huwag ninyong gagawin ito sa mga lunsod sa lupaing ibibigay ko sa inyo. Huwag kayong magtitira ng ano mang may buhay. Lipulin ninyo ang mga Heteo, Amoreo, Cananeo, Perezeo, Heveo, at Jebuseo, tulad ng utos ng Diyos." (Deuteronomio 20:10-17) (Sinipi mula sa Bibliyang MAGANDANG BALITA para sa Ating Panahon ng PBS)

19 Sa panimula ng *The Interpreter's Bible* ay ito ang nabanggit: "... Kaya ang aming mga patnugot at mga nag-ambag ay sabik na nagtatapat, bilang mga taong nasa ilalalim ng pananalig na nakapagliligtas, na ang Diyos ay si Kristo para sa ating mga tao, at para sa ating kaligtasan, pumanaog ... at ginawang tao." Ang Bibliya ay inilarawan din na "Himala sa Kasalukuyan ng makalangit na katotohanan," *The Interpreter's Bible*, op.cit., vol. 1p. xvii at xviii.

20 *The Interpreter's Bible,* Ibid, vol. 1, p. 604.

sa pangkalahatan ay nasa mga Israelitang sangay ng angkan ni Abraham. Ang ganoong *pagtatakda*, gayon pa man, ay hindi nangangahulugan o nagpapahiwatig ng tuluyang di-pagsama sa mga inapo ni Ismael. Kapag ang dalawang talatang ito (Gen. 17:21 at 21:12) ay susuriin kaalinsabay ng nasasaad sa iba pang mga talata ng naturang aklat, magiging malinaw na ang mga Ismaelita ay isinama sa pangako ng Diyos at Kanyang tipan kay Abraham: **(a)** Ang tipan ng Diyos kay Abraham ay pinagtibay bago pa man siya nagkaroon ng mga anak (Gen. 12:2-3). Ito ay inulit *matapos* isilang si Ismael *at bago* isilang si Isaac (Gen. 17:4);[21] **(b)** Habang ang Gen. 21:12 ay nagpapahiwatig na kay Isaac tatawagin ang lahi ni Abraham, ang mismong kasunod na talata naman (Gen. 21:13) ay tumatawag kay Ismael na anak ni Abraham; **(c)** Kung papaanong pinagpala si Isaac sa ganoong aklat (Genesis), si Ismael ay tiyakang pinagpala rin kaya naman kasama rin sa pangako ng Diyos.

> "At ang anak din naman ng alipin ay gagawing isang bansa, sapagka't siya'y anak mo." (Gen. 21:13).

Ang pangakong nasa itaas ay pinatotohanan pa pagkatapos ng ilang mga talata (Gen. 21:18):

> "Magtindig ka, iyong itayo ang bata, at alalayan mo siya ng iyong kamay; sapagka't siya'y gagawin kong isang bansang malaki."

Dapat mapansing kapag ang Diyos ay nagsasalita ng tungkol sa "malaki," hindi lamang Siya nagsasalita ng tungkol sa mga bilang. Ang "kalakihan" sa Kanyang sariling pamantayan ay, higit sa lahat, nakabatay sa pananampalataya, manang espirituwal, at relihiyosong pamumuno.

---

[21] Sa pagbibigay ng komentaryo sa kabanatang ito (Gen. 17), ang *The Interpreter's Bible* ay nagpapahayag na sa puntong ito, si Abraham ay pinangakuan ng tatlong bagay: na "magiging ama ng maraming bansa;" na ang Diyos ay "magiging iyong Dios, at ng iyong binhi, pagkamatay mo;" na magmamay-ari ng "buong lupain ng Canaan, na pag-aaring walang hanggan" Ibid, vol. 1, p. 611.

**C) Ang Anak ng Pangako ay isa sa dalawa: Si Isaac o si Ismael.**

Ito ay karaniwang sinasabi sa pahayag na gaya ng sumusunod: "Si Ismael ay isinaisang-tabi bilang *siyang* tagapagmana ng Tipan. Ang sinasabing ang (ipinagpalagay na) panganay na anak ni Abraham ay hindi naging tagapagmana ng banal na Pangako ay ipinaliliwanag sa J2[X] ng pagtakas ni Agar bago isilang ang bata (Kab. 16), at sa E[Y] ng pagpapalayas sa kanya kasama ng bata (21:9-21) ..."[22]

Maaaring mayroong magtanong sa puntong ito: **i)** Bakit dapat mayroong isang anak lamang bilang *siyang* tagapagmana ng banal na Pangako? Bakit hindi ang kapwa anak alinsunod sa mga katibayang tinalakay? **ii)** Anong uri ng maka-Diyos na katarungan ang magpaparusa sa isang walang malay na bata dahil lamang sa pagtakas ng kanyang ina bago pa man siya isinilang (lalo na kung ang pagtakas na iyon ay inudyukan ng panibugho at pang-aapi ni Sara)? **iii)** Anong uri ng maka-Diyos na katarungan (o kahit na sentido-komun) yaong nagpaparusa sa isang batang walang malay sa dahilang siya at ang kanyang ina ay "pinalayas" upang bigyang-kasiyahan ang kaakuhan (*ego*) ni Sara, at yaong nagpapala sa paninibugho ni Sara? Idinidikta rin ba ni Sara ang kanyang mga mithiin sa Diyos?

## BAKIT INILAYO SINA ISMAEL AT AGAR?

Kung naniniwala rin ang mga Muslim na si Agar (maybahay ni Abraham) at ang anak niyang si Ismael ay pinatira sa ibang lugar, ano naman ang salaysay nila sa naturang kasaysayan? At papaano maihahambing ang salaysay na iyon sa salaysay ng Bibliya?

---

[X] Maaaring ang tinutukoy ng J2 dito ay ang nakasaad sa Gen. 16:6. Ang tagapagsalin.

[Y] Hindi maunawaan kung ano ang ibig sabihin ng "E." Ang tagapagsalin.

[22] *Interpreter's Bible,* Ibid, vol.1 p.615. Ag pagbibigay-diin ay sa amin.

## ANG SALAYSAY NG MUSLIM[23]

Tumanggap si Propeta Abraham ng tagubilin mula sa Diyos na dalhin si Agar at ang sanggol nitong si Ismael sa isang walang pananim at walang buhay na takdang lugar sa Arabia (Paran), sa Makkah (Mecca). Sa Qur'an, si Abraham ay nagwika (14:37):

**"O Panginoon namin, tunay na akin pong pinatira ang ilang mga supling ko sa isang lambak na walang pananim, sa tabi ng Iyong banal na Bahay, Panginoon namin, upang panatiliin nila ang pagdarasal. Kaya gumawa Ka po ng mga puso, mula sa mga tao, na nagmimithi sa kanila. At tustusan mo po sila buhat sa mga bunga nang harinawa sila ay magpapasalamat."**

Noong nagsimulang iwan ni Abraham sina Agar at Ismael nang mag-isa sa gayong ilang na walang pananim, sumigaw si Agar sa kanya: "Saan mo kami iiwan?" Ang tanong ay inulit nang tatlong ulit, ngunit walang sagot na itinugon si Abraham. Nagtanong muli si Agar: *"Inatasan ka ba ng Diyos na gawin ito?" "Oo,"* sagot ni Abraham. *"Kung gayon, hindi Niya kami ipahahamak,"* sagot ni

---

[23] Ang salaysay ng Muslim hinggil sa paninirahan nina Agar at Ismael sa **Paran** ay hindi inudyukan ng paninibugho ni Sara. Ito ay tatalakayin mamaya. Ang isang nakawiwiling katanungan sa sinipi sa itaas (Vol. 1, p.615) ay: Bakit ang mga patnugot ay tumutukoy kay Ismael na "ipinagpalagay na" panganay na anak ni Abraham samantalang ang Bibliya mismo ay naglalahad nito bilang isang "katotohanan"? Ano pang puwang mayroon sa "pagpapalagay" na ito? Maaaring isipin na ito ay isang halimbawa ng negatibong saloobin sa mga Ismaelita; isang karugtong ng gayon ding pagkiling (*bias*) na hindi alintana ng mga patnugot ng *The Interpreter's Bible* sa Vol. 1, p. 575 (tingnan ang talibaba #18). Dapat ding kilalanin, gayon pa man, na sa ibang mga bahagi ay may ginawa ring di-gaanong may-kiling na mga pahayag. Halimbawa, sa komentaryo sa Gen. 17:4, ito ang nasasaad: "Ang unang *pangako* ng Diyos ay na si Abraham ay magiging ama ng maraming bansa. Ang pagtukoy na ito ay hindi lamang sa Israel kundi sa *mga Ismaelita* rin, sa mga Edomita, at sa mga bansang ang mga ipinagpalagay na pangalan ng mga ninuno ay nakatala sa Gen. 25:2-4, silang lahat na sinabi ng mga kasulatan bilang mga inapo ni Abraham." *The Interpreter's Bible,* vol 1, p.609. Ang pagbibigay-diin ay idinagdag.

Agar na may lubos na pananampalataya at pananalig sa Diyos.

Noong naubusan na ng tubig si Agar, nagsimula siyang dali-daling tumakbo sa pagitan ng dalawang maliliit na burol na tinatawag na as-Safá at al-Marwah sa paghahanap ng tubig o ng nagdaraan na mga manlalakbay. Matapos siyang nagpabalik-balik nang makapitong beses na wala namang nangyari, bumalik siya upang tingnan ang kanyang sanggol (si Ismael) na umiiyak at isinisikad ang mga bukong-bukong nito sa lupa. Sa sandaling ito ng kawalang-pag-asa at napipintong tiyak na kamatayan, may isang bukal ng tubig na bumulwak sa paanan ni Ismael. Ang bukal na iyon ay tinatawag bandang huli na bukal ng Zamzam.

Yayamang ang tubig ay ang pinakamahalagang sangkap ng buhay-disyerto, may mga *bedouin* na nagsimulang manirahan sa paligid ng bukal, na unti-unting naging napakahalagang lungsod ng Arabia, ang Makkah (Mecca). Pagkalipas ng maraming siglo, mula sa mga inapo ni Ismael nagmula ang Huling Propeta ng Diyos na si Muhammad (SKP)[24] na isinilang sa Makkah mga limang siglo matapos suguin ang huling propetang Israelita na si Jesus.

Nakawiwiling malaman na hanggang sa ngayon ang mga burol ng al-Safá at al-Marwah ay madali pa ring makilala. Sa katunayan,

[24] Ito ang tugon ng Diyos sa panalangin ni Abraham: **"O Panginoon ko, gawin Mo po akong nananatili sa pagsasagawa ng pagdarasal at ang mula sa aking mga supling. Panginoon Namin, tanggapin Mo po ang aking panalangin."** (Qur'an 14:40). Nakawiwiling malaman na ang Islam ay humihiling sa mga Muslim na magsagawa ng palagiang pagdarsal na hindi bababa sa limang beses isang araw. Ang bawat isa sa mga pagdarasal na ito ay may kasamang panalanging pagpalain si Propeta Abraham at ang kanyang mga inapo. (Ihambing sa Genesis 12:3). Ang isa pang higit na malinaw na panalangin ni Abraham ay ang sumusunod: **"O Panginoon namin, Magpadala Ka po sa kanila ng isang Sugong buhat sa kanila na bibigkas sa kanila ng Iyong mga kapahayagan, at magtuturo sa kanila ng Aklat at Karunungan, at maglilinis sa kanila *sa kasalanan.* Tunay na Ikaw, Ikaw ang Makapangyarihan, ang Marunong." (Qur'an 2:129)**

ang mabilis ng paglalakad sa pagitan ng mga burol na ito ay bahagi ng taunang mga seremonya ng *hajj* (*pilgrimage*) na isinasagawa ng di-mabilang na mga *pilgrim* taun-taon. Ang seremonyang ito, kung tutuusin, ay isinasagawa bilang paggunita sa paghahanap ni Agar ng tubig, at ito ay magmula pa noong kapanahunan ni Ismael, matagal na panahon bago dumating si Propeta Muhammad (SKP). Gayon din, ang bukal ng Zamzam na mahimalang bumulwak sa paanan ng sanggol na si Ismael ay patuloy pa ring nagbubulwak ng tubig hanggang sa panahong ito. Daan-daang libong *pilgrim* sa Makkah (mga dalawang milyon kamakailan lamang) ang umiinom dito taun-taon at marami pang iba na umiinom dito sa buong taon.

## ANG SALAYSAY NG BIBLIYA[25]

Si Sarah, ang unang maybahay ni Abraham, ay nanibugho sa mag-inang Agar at Ismael. Hindi niya ibig na magmana si Ismael kasama ng kanyang anak na si Isaac yayamang si Ismael ay anak ng "alipin." Siya ay lubhang nagalit dahilan sa itinuturing niyang panunudyo ni Ismael sa nakababata nitong kapatid na si Isaac noong sila ay magkasamang naglalaro. Ang pangyayaring ito ay naganap noong matapos iwalay si Isaac. Sinunod ni Abraham ang maybahay niyang si Sara, na ang kahilingan niyon na palayasin ang "alipin" at ang anak nito ay pinagpala ng Diyos na nagsabi kay Abraham (Genesis 21:12): "makinig ka sa kaniyang tinig."

Isang umaga ay bumangon si Abraham. Pinabaunan niya ng pagkain at tubig ang kanyang maybahay na si Agar. Ikinarga niya sa balikat nito ang bata at iniwan sila sa ilang ng Beerseba sa timog ng Palestina. Noong naubusan na ng tubig si Agar, hindi niya matiis na maupo roon at pagmasdan ang kanyang anak na

---

[25] Genesis 21:9-21.

namamatay. May isang anghel na nagpakita sa kanya at itinuro sa kanya ang isang bukal ng tubig. Pinuntahan niya iyon at dinalhan niya ng tubig ang anak. Nagsabi pa sa kanya ang Anghel: "Magtindig ka, iyong itayo ang bata, at alalayan mo siya ng iyong kamay; sapagka't siya'y gagawin kong isang malaking bansa."[26]

Nanirahan si Ismael sa ilang ng "Paran."[27] Nagkaanak siya ng labindalawang lalaki, na pinangalanang Kedar[28] ang isa sa kanila.

## MGA PAGKAKAHAWIG NG DALAWANG SALAYSAY

Papaano ihahambing ang salayasay sa salaysay ng Muslim? Mukhang mayroong hindi bababa sa tatlong pagkakahawig ang dalawang salaysay:

1. Na sina Hagar at Ismael ay inilayo sa Palestina at nanirahan sa ilang (ng Paran);
2. Na naubusan ng tubig si Agar at nabahala sa buhay ng anak niyang si Ismael;
3. Na sa hindi inaasahan ay nakakuha siya ng tubig, na ibinigay niya sa bata upang iligtas ang buhay nito.

## MGA PAGKAKAIBA NG DALAWANG SALAYSAY

### Ayon sa Salaysay ng Muslim

Sina Agar at Ismael ay inalayo dahil sa isang takdang tagubilin ng Diyos na ibinigay kay Abraham bilang bahagi ng plano ng

---

[26] Genesis 21:18.

[27] Genesis 21:21.

[28] Genesis 25:13.

Diyos. Kapag dumating na ang oras, ang pagkapropeta ay ililipat sa mga Ismaelita mula sa mga Israelita matapos itatwa ng mga Israelita ang huling propeta ng Israel na si Jesus. Dinala sa ilang ng Arabia sina Ismael at Hagar, sa Makkah at hindi sa Beerseba.

Naganap ang pangyayaring ito nang bago isilang si Isaac at hindi nang matapos; noong si Ismael ay isang sanggol pa, na isang karagdagang patotoo sa tunay na dahilan ng tila pagpapatapon kina Ismael at Hagar gaya ng nabanggit sa unang pagkakaiba.

## PAGSUSURI SA MGA PAGKAKAIBA

Ang pagtutugma ng mga pagkakaibang ito ay posible kaya? Pagtuunan natin ng pansin ang huling pagkakaiba: ang pangyayari bang ito ay naganap noong bago o matapos isilang si Isaac? Kung ating tatanggapin ang salaysay ng Bibliya, mahaharap tayo sa ilang mga di-pagkakaayon at mga pagkakasalungatan. Lubhang maliwanag mula sa sanaysay ng Genesis 21:14-19 na si Ismael ay isang sanggol pa lamang noong panahong yaon.

**Ang mga sumusunod ay ang pagpapatunay:**

Ayon sa Genesis 16:16, Si Abraham ay 86 taong gulang noong isinilang si Ismael. At ayon naman sa Genesis 21:5 si Abraham ay isandaang taong gulang noong isinilang si Isaac. Samakatuwid, si Ismael ay labing-apat na taong gulang na noong isinilang ang kanyang nakababatang kapatid na si Isaac. Ayon sa Genesis 21:14-19, ang pangyayari ay naganap noong matapos iwalay si Isaac. Ang mga pantas ng Bibliya ay nagsasabi sa atin na "ang bata ay iniwalay (sa ina) sa gulang na mga tatlong taon."

Samakatuwid noong inilayo sina Agar at Ismael, si Ismael ay isa nang malaking bulas na labimpitong taong gulang na binatilyo. Ang paglalarawan kay Ismael sa Genesis 21:14-19, gayon pa man, ay sa isang maliit na sanggol at hindi sa isang binatlyo. Bakit?

**Una:** Ayon sa *The Interpreter's Bible*, ang [kahulugan ng] orihinal na Hebreo ng Genesis 21:14 ay "...ipinatong ang bata sa kanyang balikat." Ang ganoong salin ay mababasa sa *Revised Standard Edition* na Bibliya. Papaanong makakarga ng isang ina ang isang labimpitong taong gulang **sa kanyang balikat**? Tiyak na ang binatilyo ay malakas na para buhatin ang kanyang ina! Tiyak na si Ismael ay isang sanggol pa lamang!

**Ikalawa:** Sa Genesis 21:15, sinasabi sa atin na inilapag ni Agar ang bata sa ilalim ng mababang punong kahoy. Sa muli, ayon na rin sa talata ng Bibliya tiyak na si Ismael ay isang sanggol at hindi isang binatilyo.

**Ikatlo:** Sa Genesis 21:16, sinasabi sa atin na si Agar ay naupo sa malayo upang hindi niya makita ang pagkamatay ng kanyang anak sa harap ng kanyang mga mata. Iyan ba ay isang paglalarawan ng isang matipunong labimpitong taong gulang na binatilyo, na malamang na may kakayahang mangambang baka mamatay ang ina niya sa harap ng kanyang mga mata? O hindi kaya iyon ay isang malinaw na paglalarawan ng isang maliit at mahinang sanggol o isang batang munti?

**Ikaapat:** Ayon sa Genesis 21:17, nagsabi ang Anghel kay Agar: "Magtindig ka, iyong itayo ang bata..." Ang isang labimpitong taong gulang na lalaki ba ay nababagay na "itayo" ng isang babae? O hindi kaya iyon ay isang pagtukoy sa isang batang munti o isang sanggol?

**Ikalima:** Sa Genesis 21:19, sinasabi sa atin na si Agar ay naparoon at pinuno ng tubig ang bangang balat, "at pinainom ang bata." Ang inaasahan ninuman ay ang isang labimpitong taong gulang na binatilyo ang paparoon at dadalhan ng tubig ang ina niya.[29]

---

[29] Ang isang kawili-wili at may-kaugnayang puna mula sa isang pananaw Kristiyano =

Ang pagsusuri sa itaas ay humahantong sa walang pagsalang konklusyon na bagamat naglalaman ang Bibliya ng ilang mga katotohanan gaya ng naipaliwanag na, mayroon ding patunay na may mga pagdaragdag, mga pag-aalis at mga pagbabago na ginawa ang tao, na tanging ang kasunod na tunay na kapahayagan (Ang Qur'an) ang makapaglilinaw. Ang sanaysay ayon sa bersiyon ng Islam ay lubos na magkakatugon at magkakatugma magmula **A** hanggang **Z**: si Ismael ay isang sanggol pa lamang at si Isaac ay hindi pa isinilang noong naganap ang pangyayaring ito. Ang pagkakaugnay-ugnay at kaangkupan [ng salaysay ng Islam] ay pinapatunayan ng mga daan-taong mga tradisyon at pati na ng mga pook mismo sa Makkah na pinanirahan nina Agar at Ismael. Ito ay malinaw na nagpapahiwatig na ang tunay na dahilan sa likod ng paninirahan nila sa Arabia (Paran) ay hindi ang panunulsol, paninibugho, kapalaluan o pagkadama ng kalamangan sa lahi sa panig ni Sara. Ito, sa halip, ay plano ng Diyos; dalisay at payak.

Maaaring may-kaugnayan na banggitin na ang usaping ito ay hindi ang nag-iisang halimbawa ng di-pagkakatugma kaugnay sa kasaysayan ni Ismael. Ipinaghambing ng *Interpreter's Bible* ang kasaysayan nina Agar at Ismael sa Genesis 21:14-19 sa nabanggit sa naunang kapitulo (Genesis 16:16) at gumawa ng konklusyong: "ang paglakip sa Genesis ng kapwa kasaysayan na lubhang halos magkahawig subalit *sapat na magkaiba upang maging di-magkatugma ay isa sa maraming halimbawa* ng pag-aatubili ng mga nagtipon na isakripisyo ang anuman sa mga tradisyon na naging matatag na sa Israel."[30]

= ay ginawa sa komentaryo sa Gen. Kab. 21[:17]: "[Ang katagang] 'sa kinalalagyan' ay isang pahiwatig sa kinaroroonan ng balon na nabanggit sa talata 19, na isang banal na lugar para sa mga Ismaelita. *Interpreter's Bible*, op. cit., vol. 1, p. 639. Ang pagbibigay-diin ay idinagdag. Mapupuna na ang pinakabanal na balon para sa mga Ismaelita ay ang balon ng Zamzam sa Makkah (Mecca).

[30] *Interpreter's Bible*, Ibid, p.604.

## ANG SAGISAG NG TIPAN NG DIYOS KAY ISMAEL AT SA KANYANG MGA INAPO

Ayon sa Gen. 17:10-14, ang pagtutuli ay itinuturing na isang sagisag ng tipan sa Diyos at isang tanda ng kadalisayan mula sa paganismo. Ang kahalagahan ng pagtutuli ay muling inulit ng mga pantas ng Bibliya na nagpahiwatig na ito ay hindi lamang isang panlabas na gawain:

> "Ito ay Kanyang sariling tanda at tatak na ang Israel ay isang piniling bansa. Sa pamamagitan nito, ang buhay ng tao ay naiugnay sa isang dakilang pagsasama na ang dignidad nito ay ang mataas na kamalayan nito na kinakailangan nitong tuparin ang mga layunin ng Diyos."[31]

Ang paglalarawan ay nalubos sa pagtukoy sa Gen. 17:23-27 na nagsasabi sa atin na dinala ni Abraham si Ismael at ang lahat ng mga lalaking isinilang sa kanyang pamamahay at tinuli sila. Sa pagbibigay ng komentaryo rito, ang *Interpreter's Bible* ay umamin na ang mga Ismaelita at ang iba pang mga inapo ni Abraham ay ***kahit papaano ay nakikilahok sa tipan kay Abraham.***[32]

Mapupuna na ang inapo ni Ismael na si Propeta Muhammad (SKP), gayundin ang mga tagasunod niya, ay nananatiling tapat sa tipang ito hanggang sa ngayon. Ang Pagtutuli ay sapilitan sa bawat lalaking Muslim. Kung gagamitin ang pananalita ng *Interpreter's Bible*, hindi kaya nangangahulugang ito ay "tanda at tatak" ng Diyos na ang mga Ismaelita ay may bahagi rin sa Tipan ng Diyos dahil sa kanilang pangakong linisin ang kanilang paniniwala mula sa lahat ng uri ng Politeismo at panumbalikin ang dalisay at tunay na Monoteismo ng kanilang ninunong si Abraham? Hindi kaya higit

---

[31] *Interpreter's Bible*, Ibid, p. 613.

[32] *Interpreter's Bible*, Ibid, p. 616.

na malapit sila sa tipan ni Abraham kaysa sa mga taong naghanap ng mga maidadahilan upang hindi isagawa ang pagtutuli?

Tunay na maraming bansa sa daigdig ang pinagpala dahil kay Abraham. Ang mga pinakamalapit kay Abraham, sa kadalisayan at pangkalahatang saklaw ng Monoteismo na itinuro niya at sa "tanda at tatak" ng tipan niya sa Diyos, ay matatagpuan sa kasalukuyan sa mga tagasunod ng pinakatanyag na inapo ni Ismael, si Propeta Muhammad (SKP). Kahit wala pa itong ugnayan sa dugo, na hindi mapasusubalian, ang pinakamahalagang kaugnayan kay Abraham ay ang kaugnayan sa pananampalataya sa mga Salita ng Diyos:

**"Si Abraham ay hindi isang Hudyo at hindi isang Kristiyano, datapuwa't ay isang makakatotohanang Muslim. At hindi siya napabilang sa mga Nagtatambal *kay Allah*. Tunay na ang pinakamalapit sa mga tao kay Abraham ay talagang ang mga sumunod sa kanya at ang Propetang ito at ang mga sumampalataya. At si Allah ang Tagapagtuguyod ng mga mananampalataya."** (Qur'an 3:67-68)

## DAGDAG NA PATUNAY HINGGIL SA LAHI NG PROPETA NA MALAON NANG HINIHINTAY

Ang naunang pagtatalakay ay higit pa sa sapat upang ipakita na ang pagdating ni Propeta Muhammad (SKP), na isang inapo ni Ismael, ay talagang ang katuparan sa pangakong ibinigay kina Abraham at Agar (Genesis 21:13 at 18).

Ang isang karagdagang pagpapatibay na hindi nag-iiwan ng katiting na pag-aalinlangan ay makikita sa Aklat ni Isaias 11:1-2:

"At may lalabas na usbong sa puno ni Isai, at isang sanga mula sa kaniyang mga ugat ay magbubunga; At ang Espiritu ng Panginoon ay sasa kaniya, ang diwa ng karunungan at ng kaunawaan, ang diwa ng payo at ng katibayan, ang diwa ng kaalaman at ng takot sa Panginoon."

Ang balangkas ng paglalarawang ibinigay sa kabanatang ito ay nauukol sa isang taong magiging isang propeta, isang estadista, at isang hukom at isa sa mga inapo ni Isai (Jesse sa Ingles). Sino si Isai? At sino ang tumutugon sa mga paglalarawang ito?

Iginigiit ng iba na ang Isai ay isang pagtukoy sa ama ni David. Ayon sa *Encyclopedia Biblica*, gayon pa man, ating mababasa: "Ang Isai ay ang pinaigsing anyo ng [pangalang] Ismael."[33]

Ang nag-iisang nagmula sa "sanga" ni Ismael na isang propeta, estadista at hukom ay si Propeta Muhammad (SKP).

## Ang mga Katangian ng Hinihintay na Propeta : Propeta na Gaya ni Moises

Sa Aklat ng Deuteronomeo (18:17-18), si Propeta Moises (SKP) ay sinipi na nagsabi:

"At sinabi ng Panginoon sa akin, Mabuti ang kanilang pagkasabi ng kanilang salitain. Aking palilitawin sa kanila ang isang propeta sa gitna ng kanilang mga kapatid, na gaya mo; at aking ilalagay ang aking mga salita sa bibig niya, at kaniyang sasalitain sa kanila ang lahat ng aking iuutos sa kaniya."[34]

May tatlong mahalagang sangkap na napaloloob sa hulang ito: May isang propeta **sa gitna ng mga kapatid ng mga Israelita** na darating; ang propetang ito ay magiging **gaya ni Moises;** ilalagay ng Diyos ang Kanyang mga salita sa bibig ng propetang ito. Suriin natin nang masinsinan ang bawat isa sa mga sangkap na ito:

---

[33] Cheyene, *Encyclopedia Biblica* sa paksa hinggil sa "mga Pangalan." Kung ang hulang ito ay tungkol kay Jesus (SKP) ganito na lamang sana ang sinabi: "...sa sanga ni David..." Si David, at hindi ang kanyang ama, ang higit na bantog na tao sa Matandang Tipan. Magiging higit sanang makatwiran na iugnay si Jesus kay David (SKP) gaya ng ginawa ng ilang may-akda ng Ebanghelyo sa pagtawag kay Jesus na inapo ni David.

[34] Pansinin ang pagtatangka ni Pablo sa Mga Gawa 13:22 na bigyang-pakahulugan ang hula bilang pagtukoy kay Jesus na hindi inapo ni Ismael (Isai) ni kapatid ng mga Israelita yayamang isa siyang Israelita mismo.

## ISANG PROPETA SA GITNA NG MGA KAPATID NG MGA ISRAELITA

Nang sinabi ang mga salitang ito, ang kinakausap ay ang mga Israelita. Ang pinakatanyag na **mga kapatid** ng mga Israelita (mga inapo ni Abraham mula sa kanyang ikalawang anak na si Isaac) ay ang mga Ismaelita (mga inapo ni Abraham mula sa kanyang unang anak na si Ismael).

Ayon sa *Hebrew Dictionary of the Bible*, ang [salitang] **kapatid** ay: ***ang Pagbibigay katauhan sa isang pangkat ng mga lipi na itinuturing na malapit na mga kamag-anak ng mga Israelita.***

Ang Bibliya ay tumutukoy sa mga Israelita bilang mga kapatid ng mga Ismaelita (Hal. sa Gen. 16:12 at Gen. 25:18).

## ANG PROPETA NA GAYA NI MOISES

Kung minsan ay ipinaggigiitang ang propetang gaya ni Moises ay si Jesus. Kung tutuusin nga naman ay kapwa rin sila mga Israelita at mga gurong espirituwal. Ang hula bang ito ay talagang hinggil kay Jesus?

Sa pagsisimula, si Jesus mismo ay isang Israelita, hindi kabilang sa **mga kapatid** ng mga Israelita. Ang katotohanang ito ay sapat na upang ipakita na ang partikular na hulang ito ay hindi tungkol sa pagdating ni Jesus kundi tungkol sa isa pang propetang **gaya ni Moises.** Ang propetang iyon ay wala nang iba pa kundi si Propeta Muhammad (SKP).

Ang sumusunod ay isang paghahambing sa pagitan ng mga mahalagang katangian nina Moises, Jesus, at Muhammad (SlaKP) na maaaring makapagbigay-linaw sa pagkakakilanlan ng **propeta** na darating pagkatapos ni Moises.

| Uri ng Paghambing | Moises | Muhammad | Jesus |
|---|---|---|---|
| Pagkasilang | Karaniwan | Karaniwan | di-Karaniwan |
| Buhay Pamilya | May asawa't anak | May asawa't anak | Walang asawa't anak |
| Pagkamatay / | Karaniwan | Karaniwan | di-Karaniwan |
| Katungkulan | Propeta't Estadista | Propeta't Estadista | Propeta |
| Sapilitang Paglikas | Sa Median | Sa Medinah | Wala |
| Sagupaan sa mga Kaaway | Mainit na Tugisan | Mainit na Tugisan/ mga Labanan | Walang katulad na sagupaan |
| Mga Resulta ng Sagupaan | Moral at Pisikal na Tagumpay | Moral at Pisikal na Tagumpay | Moral na Tagumpay |
| Pagsulat ng Kapahayagan | Noong buhay pa siya (Torah) | Noong buhay pa siya (Qur'an) | Noong wala na siya |
| Uri ng Katuruan | Espirituwal/Legal | Espirituwal/Legal | Espirituwal sa kabuuan |
| Pagtanggap ng mga tao sa Pamumuno | Itinakwil at saka tinanggap din | Itinakwil at saka tinanggap din | Itinakwil (ng marami sa mga Israelita) |

Ang talahanayang ito ay malinaw. Ipinakikita nito na hindi lamang sa sina Moises at Muhammad (SlaKP) ay magkatulad na magkatulad sa maraming bagay, ipinakikita rin nito na si Propeta Jesus ay hindi umaakma sa hulang ito. Ang mga sumusunod ay ang mga dahilan:

Ang pagkasilang ni Jesus ay di-pangkaraniwan. Ayon sa mga paniniwala ng mga Kristiyano at mga Muslim, siya ay mahimalang isinilang ni Birheng Maria. Sina Moises at Muhammad (SlaKP) ay kapwa isinilang sa pangkaraniwang pamamaraan. Sina Moises at Muhammad (SlaKP) ay kapwa nag-asawa at nagkaroon ng mga anak. Walang katulad na ulat hinggil sa pagkakaroon ni Jesus ng asawa at mga anak.

Sina Moises at Muhammad (SlaKP) ay kapwa namatay nang natural at inilibing. Ang wakas ng misyon ni Jesus sa mundo ay di-pangkaraniwan: pagkapako sa krus ayon sa mga paniniwala ng mga Kristiyano, pag-aakyat sa langit nang walang pagkapako sa krus ayon naman sa mga paniniwala ng mga Muslim.

/ Ito ay ayon sa Bibliya ngunit ayon sa Qur'an si Jesus ay hindi napatay o namatay.

Sina Moises at Muhammad (SlaKP) ay kapwa hindi lamang mga propeta at mga pinunong espirituwal, sila rin ay mga **pinuno ng mga estado**, na kabilang sa kanilang misyon ay ang pagtatatag ng isang **estado** na nakabatay sa katuruan ng pananampalataya nila. Walang ganoong pagkakataon na dumating kay Jesus (SKP).

Nilisan ni Moises (SKP) ang Egipto nang malaman niya ang balak na pagpatay sa kanya at pumaroon sa Median, na doon ay tinanggap at kinalinga siya ni Jethro. Nilisan ni Muhammad (SKP) ang Makkah nang malaman niya ang balak na pagpatay sa kanya at pumaroon sa Yathrib na bandang huli ay tinawag na al-Madinah (Medina). Walang kahawig na pangyayari ang naiulat tungkol kay Jesus noong siya ay nasa tamang gulang na at matapos na sinimulan niya ang kanyang mga misyon bilang isang propeta.

Nakasagupa ni Moises (SKP) sa "mainit ng tugisan" ang mga kaaway niya (hukbo ni Paraon) na nagnanais na patayin siya at ang mga tagasunod niya. Nakasagupa din ni Muhammad (SKP) sa maraming labanan ang mga kaaway niya (mga Arabeng pagano) na nagnanais na patayin siya at ang mga tagasunod niya. Walang ganoong sagupaan na naiulat hinggil kay Jesus. Sa katunayan, naiulat na inatasan niya si Simon Pedro na magsalong ng tabak nito noong nagtangka itong ipagtanggol siya noong inaaresto siya.

Ang pakikipagharap ni Moises (SKP) sa mga kaaway niya ay nagwakas sa isang tagumpay na pangmilitar at moral. Nalunod ang mga kaaway niya at naligtas siya at ang mga tagasunod niya. Ang pakikipagharap ni Propeta Muhammad (SKP) sa mga kaaway niya ay nagwakas din sa isang tagumpay na pangmilitar at moral. Siya at ang mga tagasunod niya ay muling pumasok sa Makkah (Mecca), ang sentro ng sabwatan laban sa kanya. Dahil sa paghanga sa kanyang katapatan at kabaitan, ang napakarami sa dati niyang mga kaaway ay piniling maging mga Muslim at naging kabilang sa mga masigasig na kakampi niya. Ang tagumpay ni Jesus laban

sa mga kaaway niya ay moral na tagumpay lamang na walang ***kaalinsabay*** na kagyat na pangmilitar na tagumpay laban sa kanila.

Ang katuruang ipinahayag kay Moises (SKP) ay matatagpuan sa isang nakasulat na anyo noong kapanahunan niya. Ang Qur'an na ipinahayag kay Muhammad (SKP) ay naisulat nang buo noong kapanahunan niya at sa ilalim ng kanyang pangangasiwa. Ang katuruan ni Jesus ay hindi naisulat noong kapanahunan niya. Pati na ang mga pinakaunang Ebanghelyo, ang mga ito ay naisulat maraming taon na ang nakalipas noong wala na siya.

Hindi gaya ng ibang mga propeta mula sa inapo ni Abraham, ang kapahayagang ibinigay kina Moises at Muhammad (SlaKP) ay naglalaman ng masaklaw na mga panuntunan ng batas, dagdag pa sa espirituwal at pangmoral na mga sangkap ng mga katuruan nila. Ang mga katuruan ni Jesus ay halos pang-espirituwal lahat. Sa katunayan, si Jesus ay hindi nagpahayag na nagdala siya ng isang bagong batas o pinawalang-bisa niya ang umiiral na Matandang Tipan.[35] Dinagdagan niya lamang ng espirituwal at makataong pansin ang konsepto ng batas, na ibinaba noong kapanahunan niya sa antas ng walang buhay at paminsan-minsan ay paimbabaw na pormalidad. "Huwag ninyong isiping ako'y naparito upang sirain ang kautusan o ang mga propeta: ako'y naparito hindi upang sirain, kundi upang ganapin," ang nasiping sinabi ni Jesus (Mateo 5:17).

Matapos ang pagtutol at pagdududa sa simula ng kanyang mga kababayan, si Moises (SKP) ay tinanggap din ng mga kababayan niya bilang propeta at pinuno noong kanyang kapanahunan, sa kabila ng ilang mga pagkakasala (gaya ng pagsamba sa gintong guya). Matapos ang pagtutol sa simula, si Propeta Muhammad (SKP) ay masigla ring tinanggap bilang isang propeta at pinuno noong kapanahunan niya. Gayon pa man, hanggang sa wakas, at

[35] Mateo 5:17.

maliban sa mabibilang na mga tagasunod, itinakwil si Jesus ng kanyang mga kababayan (mga Israelita).

Sino, kung gayon, ang **Propetang gaya ni Moises?**

## ILALAGAY NG DIYOS ANG KANYANG MGA SALITA SA BIBIG NG PROPETA

Sa pangkalahatan, maaaring ipatungkol ang paglalarawang ito sa sinumang sugo ng Diyos na naghahatid ng mensahe ng Diyos sa sangkatauhan. Bagaman ang mensaheng iyon ay maaaring dumating na **nakasulat sa mga lapida** tulad ng pinaniniwalaang nangyari kay Moises, ang takdang pananalita ng talata sa itaas (Deut. 18:18) ay isang maliwanag na paglalarawan sa uri ng kapahayagang natanggap ni Propeta Muhammad (SKP). Si Anghel Gabriel ay pumupunta noon kay Propeta Muhammad at idinidikta sa kanya ang mga partikular na bahagi ng Qur'an, na pagkatapos ay inuulit naman ni Propeta Muhammad (SKP) nang tamang-tama tulad ng kung papaano niyang narinig ang mga ito. Ang sariling kaisipan o pagkakatha ni Propeta Muhammad (SKP) ay hindi nasangkot sa alinmang paraan sa anumang binigkas niya [na bahagi ng Qur'an]. Ang Salita ng Diyos (Qur'an) ay **inilagay sa kanyang bibig.** Tulad ng paglalarawan ng Qur'an mismo (53:3-4):

**"At hindi siya nagsasalita ng ayon sa kanyang pithaya. Ito ay isang kapahayagan lamang na ipinahayag sa kanya."**

May maraming talata sa Qur'an na nag-uutos kay Muhammad (SKP) sa mga katagang gaya ng: ***Qul*** (sabihin mo), ***Dhakkir*** (ipaalaala mo), ***Nabbi'*** (ipabatid mo). Ang ibang mga talata sa Qur'an ay nagsisimula naman sa ganitong mga kataga: ***wa qála rabbukum*** (at nagsabi ang inyong Panginoon…). At sa iba pang mga talata, ito naman ang mababasa: ***wa yas'alúnaka…qul*** (at tinatanong ka nila…sabihin mo…).

Ang pagsusuri sa itaas ay hindi lamang umaakma sa Deut. 18:18, ito rin ay kaayon sa sumusunod na mga talata. Halimbawa, mababasa sa Deuteronomio 18:19:

"At mangyayari, na sinomang hindi makikinig sa aking mga salita na kaniyang sasalitain sa aking pangalan, ay aking sisiyasatin yaon sa kaniya."

Mapapansin na ang 113 sa 114 na mga *Súrah* (kabanata) ng Qur'an ay nagsisimula sa ***Bismilláhir rahmánir rahím*** (Sa ngalan ni Allah (Diyos), ang Puspos ng awa, ang Maawain). Ang kauna-unahang talata ng Qur'an na ipinahayag kay Propeta Muhammad (SKP) ay ganito ang mababasa:

**"Bumasa ka, sa ngalan ng iyong Panginoon na siyang lumikha,"** (Qur'an 96:1)

Sa pagsunod sa mga katuruan ni Propeta Muhammad (SKP), wala nang ibang kalipunan ng mga mananampalataya na nagsisimula sa halos bawat galaw sa kanilang mga pang-araw-araw na pamumuhay sa pagbigkas ng katagang ito: **"Sa ngalan ni Allah, ang Puspos ng awa, ang Maawain."** Dapat mapansin dito na ang katawagang Arabe na ***Allah*** ay hindi lamang katumbas ng salitang "Diyos," ito rin ang pansariling pangalan ng Diyos. Ang magsabi ng **Sa Ngalan ni Allah** ay isang lalong maliwanag na katuparan ng hulang: "...kaniyang sasalitain sa aking pangalan," (Deuteronomio 18:19) kaysa sa karaniwang mga pananalitang gaya ng: "Sa ngalan ng Diyos" o "Sa ngalan ng Ama."

Ang isang magandang katanungan sa puntong ito ay: Yamang talagang ang kahit sino ay maaaring magpalagay na nagsasalita sa **Ngalan ng Diyos**, ano ang pamantayang dapat gamitin upang makilala ang isang tunay na propeta at sugo ng Diyos sa iba pang mga huwad na propeta na maaaring magpanggap na nagsasalita sa Ngalan ng Diyos?

Ang kasagutan sa katanungang ito ay malinaw na ibinigay sa huling mga talata ng Kabanata 18 ng Deuteronomio: "At kung iyong sasabihin sa iyong puso: Paanong malalaman namin ang salita na hindi sinasalita ng Panginoon? Pagka ang isang propeta ay nagsasalita sa pangalan ng Panginoon, kung ang bagay na sinasabi ay hindi sumunod ni nangyari, ay hindi sinalita ng Panginoon ang bagay na yaon: ang propetang yaon ay nagsalita ng kahambugan, huwag mong katakutan siya." (Deut. 18: 21-22)

Ito ay isang katotohanan na walang isa mang hulang sinabi si Propeta Muhammad (SKP) na napatunayang di-tumpak sa kaliit-liitang bagay. Ang bawat hula na sinabi niya tungkol sa nalalapit na hinaharap noong kanyang kapanahunan ay talagang naganap. Ang mga ito ang halimbawa nito:

**A.** Ang hula na masasakop ng mga Muslim ang dalawang "napakamakapangyarihan" (*superpower*) noong kapanahunan nila: ang mga Emperyo ng Persia at Byzantine. Ang hulang ito ay sinabi noong ang mga Muslim ay lubhang kakaunti at mahina na kung huhulaan nga ang kanilang kaligtasang pisikal [sa sandaling iyon] ay magmumukhang malabo na.

**B.** May isang hula na si Suráqah (ang taong nakatalagang papatay sana kay Propeta Muhammad (SKP) sa panahon ng paglalakbay niya patungong Madinah (Medina) matapos na ang mga pagano ay nagsabwatang patayin siya) ay magiging isang Muslim, lalahok sa hukbong Muslim na lulupig sa Emperyo ng Persia, at makalalapit talaga sa korona ng emperador at maipapatong ito sa kanyang ulo! Hindi lamang sa ang hulang ito ay nagmukhang talagang imposibleng mangyari noong ito ay sinabi, pati na ang katuparan nito ay lubhang eksakto at kumpleto na wari bagang tinitingnan ng Propeta nang mata sa mata ang pangyayaring magaganap maraming taon matapos ang kanayang pagpanaw.

Ang katotohana—na si Suráqah ay naging isang Muslim nga, nabuhay nang matagal pa upang makalahok sa pagsakop ng Persia, nagwagi ang mga Muslim, nakalapit si Suráqah sa korona ng emperador, at talagang naisuot niya nito—ay hindi maaaring ituring na isang pagkakataon o isang hulang kusang matutupad.[Y] Tiyak na sero ang mga posibilidad na ang ganoon karaming mga hula, sa lahat ng kaliit-liitang detalye na inilarawan ni Propeta Muhammad (SKP) ay naganap bunga ng isang pagkakataon! Hindi rin maaaring ang gayong 100% na katumpakan sa bawat panahon at sa lahat ng panahon ay magmumula sa isang iba pa sa isang totoo at tunay na propeta batay sa batayang itinakda sa Deuteronomio 18: 21-22.

## IBA PANG MGA KATANGIAN NG PROPETA

Ang isa pang nakawiwili at pinakahayag na paglalarawan kay Propeta Muhammad (SKP) ay matatagpuan sa ika-42 Kabanata ng Aklat ng Isaias. Suriin natin ang ilan sa mga katangian nito.

Ang kinalulugdan ng Espiritu ng Diyos ay tinawag na **lingkod ng Diyos** (T.1), **Kanyang hinirang** (T.1) at **Kanyang Sugo** (T.19). Kung isasalin sa Arabe, ang mga titulong ito ay mababasang: ***'Abduhu wa Rusúluhul Mustafá.*** Tiyak na ang lahat ng propeta ay talagang mga lingkod, mga sugo at mga hinirang ng Diyos. Subalit walang propeta sa kasaysayan na tinatawag sa kalahatan sa natatanging mga titulo na ito na gaya ni Muhammad (SKP). Ang pagsaksi ng pananampalataya sa Islam, na sa pamamagitan nito ang isang tao ay makapapasok sa Islam, ay ang pagbigkas ng sumusunod: ***"Sumasaksi ako na walang Diyos kundi si Allah, at sumasaksi rin ako na si Muhammad ay Kanyang lingkod at Kanyang Sugo."***

---

[Y] () *self-fulfilling prophecy*: hulang kahit na hindi sabihin ay talagang mangyayari.

Sa katunayan ang pangungusap ding ito ay inuulit limang beses araw-araw sa oras ng panawagan ng pagdarasal *(adhán)*, limang beses bago magsimula ang pagdarasal *(iqámah)*, siyam na beses araw-araw sa pinakamababang bilang ng ipinag-uutos na pagdarasal, at higit na maraming beses kung ang isang Muslim ay nagsasagawa ng karagdagang itinatagubilin (*sunnah*) na mga pagdarasal. Ang pinakapalasak na titulo ni Propeta Muhammad (SKP), mula ng suguin siya hanggang sa ngayon, ay ***Rasúlulláh*** (ang Sugo ni Allah). Ang Qur'an ay nagbigay sa kanya ng titulong ito. Noong nabubuhay pa siya ay tinatawag siya ng ganito ng mga tagasunod niya. Ang makapal na koleksyon ng mga *Hadíth* (sinabi ni Propeta Muhammad) ay karaniwang isinasalaysay sa ganitong mga kataga: "Narinig ko ang Sugo ni Allah na nagsabi...;" "Nagsabi ang Sugo ni Allah ..."

"Siya'y hindi manglulupaypay o maduduwag man, hanggang sa maitatag niya ang kahatulan sa lupa (T.4), siya'y gagawang makapangyarihan laban sa kaniyang mga kaaway (T. 13),[f] at siya'y maglalapat ng kahatulan sa mga bansa (T.1)."

Sa paghahambing sa mga buhay at mga misyon nina Jesus at Muhammad (SlaKP), magiging malinaw kaagad na sa katayuan ni Jesus, ipinahayag niya sa higit sa isang pagkakataon kung gaano siya nanlupaypay sa pagtakwil sa kanya ng mga Israelita. Hindi siya nagtagal upang manaig sa mga kaaway niya (maliban sa moral na tagumpay na isang karaniwang tagumpay ng lahat ng Propeta).

Sa kabilang dako, wala tayong nakitang bakas ng panlulupaypay ni Propeta Muhammad (SKP) kahit na sa pinakamapanganib na mga sandali ng kanyang misyon. Sa loob ng isang taon, namatay ang kanyang mahal at matulunging asawang si Khadijah matapos ang 25 taon ng kanilang matagumpay na pagsasama; ang kanyang

[f] Sa Ingles (*King James Version*): **He shall prevail against his enemies**, kaya ang dapat sanang salin sa Tagalog ay: **Mananaig siya sa kaniyang mga kaaway.**

amain na si Abu Talib na nagslibing kasangkapan sa pangangalaga sa kanya laban sa galit ng mga paganong Arabe ay namatay rin. Ang dalawang trahedyang ito ay sinamahan pa ng katotohanang ang kanyang mga tagasunod ay binubuo lamang ng isang maliit, inuusig at pinahihirapang grupo. Sa ilalim ng gayong kahirap na mga kalagayan, si Propeta Muhammad (SKP) ay pumunta sa bayan ng Ta'if upang anyayahan ang mga tao na tanggapin ang Islam at hingin ang tulong nila sa pakikibaka niya laban sa paganismo. Siya ay itinakwil, kinutya at binato hanggang sa dumugo ang katawan niya. Sa kabila ng lahat ng ito, hindi siya kailanman **nanglupaypay,** ayon sa ginamit na kataga sa Isaias (T.4). **"O Allah patawarin mo po ang aking mga kababayan sapagkat hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa,"** wika niya. Noong inalok sa kanya ni Anghel Gabriel ang pagkakataong gumanti sa pamamagitan ng pagwasak ng kanilang lungsod ay tumanggi siya sa pag-asang mula sa mga inapo ng mga masasamang taong ito ay may lilitaw na mga taong sasamba sa Diyos, at nagkatotoo naman!

Matapos ang masaklap na pagpupunyaging ito, si Muhammad (SKP) ay **naging makapangyarihan laban sa kaniyang mga kaaway,** nagtatag ng isang matatag na komunidad ng mga mananampalataya na tunay na **naglapat ng kahatulan sa mga bansa,** lalo na sa mga Emperyo ng Persia at Byzantine. Maraming gayong bansa ang napatnubayan sa Islam samantalang ang mga iba naman ay dumanas ng pagkatalo. Kung gayon siya ang tunay na **isang ilaw ng mga bansa** sa buong mundo.

"Siya'y hindi hihiyaw, o maglalakas man ng tinig, o iparirinig man ang kaniyang tinig sa lansangan." (T.2). Hindi lamang sa ito ay isang natatanging katangian at tatak ng kagandahang-asal ni Propeta Muhammad (SKP), ito ay talagang isang paglalarawan sa kanya ng pahayag na ibinigay sa kanya. Sa mga kataga ng Qur'an:

**"At magpakumbaba ka sa iyong paglalakad, at babaan mo ang iyong tinig: tunay ang pinakamasagwa sa mga tinig ay talagang ang tinig ng asno."** (Qur'an 31:19);
**"Hindi naiibigan ni Allah ang pagbigkas nang hayagan sa masama sa panalita, maliban sa kanya na nagawan ng paglabag sa katarungan...."** (Qur'an 4:148)

"At ang mga pulo ay maghihintay sa kaniyang kautusan." Ang nag-iisang propeta na dumating matapos sabihin ang hulang ito (noong panahon ni Isaias) na may dalang buo at malawakang panuntunan ng batas ay si Propeta Muhammad (SKP). Ang batas na ipinahayag sa kanya ay lumaganap sa lahat ng sulok ng daigdig, pati na sa maraming liblib na pulo at sa malalayong disyerto.

Siya ay susuguin "Upang magdilat ng mga bulag na mata, upang maglabas ng mga bilanggo sa bilangguan, at nilang nangaupo sa kadiliman mula sa kadiliman" (T. 7). Marami sa mga sumalungat sa katotohanan at masaklap na kumalaban kay Propeta Muhammad (SKP) ay napabilang sa mga pinakamatapat na mananampalataya. Ang pagkabulag nila sa katotohanan ay nalunasan. Ang mga namumuhay sa kadiliman ng isang makasalanang pamumuhay ay pumunta sa liwanag ng katotohanan na nalubos sa pamamagitan ng misyon ni Propeta Muhammad (SKP).

Hindi kataka-takang ang Qur'an ay naglalarawan sa sarili nito na ***núram mubína*** o **malinaw na liwanag.** Sa paglalarawan ng Qur'an (14:1), nagwika si Allah kay Propeta Muhammad (SKP):

**"Alif. Lám. Rá'. Isang Aklat na Aming ibinaba sa iyo upang hanguin mo ang mga tao mula sa mga kadiliman patungo sa liwanag, ayon sa kapahintulutan ng kanilang Panginoon, papunta sa Daan ng Makapangyarihan, Kapuri-puri,"**

Ang kaluwalhatian ng Diyos ay hindi ibibigay sa iba (T.8). Ang pinakadakilang kaluwalhatian na matatanggap ng isang tao

mula sa Diyos ay ang mapagkatiwalaan bilang Kanyang sugo sa sangkatauhan at tumanggap ng Kanyang maluwalhating Pahayag. Hindi lamang sa natupad ito kay Muhammad (SKP), ito ay **bukod-tanging** pumapatungkol sa kanya bilang siyang huling sugo at propeta ng Diyos. Tunay na ang kaluwalhatian ng Diyos (pagpapahayag na mga kasulatan) ay hindi ibinigay at hindi ibibigay sa ibang propeta pagkatapos ni Muhammad (SKP) yayamang siya ang "pangwakas" sa lahat ng mga Propeta. May 1400 taon na ang nakaraan mula ng isinugo si Propeta Muhammad (SKP) at ipinahayag sa kanya ang Banal na Qur'an. Subalit wala tayong narinig na may isang *tunay* na propetang lumitaw na ang kalakhan at impluwensiya sa sangkatauhan ay maihahambing sa gaya nina Moises, Jesus at Muhammad (SlaKP). Wala rin tayong narinig na may isa pang kaluwalhatian pagkatapos ng Qur'an o isang banal na aklat na nakaimpluwensiya sa tao sa gayong antas.

"Magsiawit kayo sa Panginoon ng bagong awit, at ng kapurihin niya na mula sa wakas ng lupa..." (T.10). Ang isang bagong awit ay maaaring tumutukoy sa isang bagong kasulatan sa wikang iba pa sa wika ng mga kasulatan ng mga Israelita. Ang pakahulugang ito ay tila naaayon sa lalong malinaw na pagkabanggit ng isang magsasalita sa mga tao (pati na sa mga Israelita) sa **"another tongue"**[f] (ibang wika) (Isaias 28:11).

Ang paliwanag na ito ay waring naaangkop nang malapit sa ikalawang bahagi ng mismong talata (Isaias 42:16) na tumutukoy sa pagpupuri sa Diyos **mula sa wakas ng lupa.** Sa Islam lamang

[f] "iba't ibang wika" ang pagkakasalin sa Bibliyang Tagalog ngunit sa *King James Version* ang pagkakasalin nito ay "another tongue" (ibang wika) at sa *Revised Standard Version* naman ay "alien tongue" (dayuhang wika). Lumalabas na ang pagkakasalin sa Bibliyang Tagalog ay mali sapagkat ang ibig sabihin ng "iba't ibang wika" ay "different (various) languages." Kaya malinaw na ang sasalitain ng taong iyon ay isang wikang iba sa Hebreo.

natin matatagpuan na natupad ang hulang ito nang may kahanga-hangang katumpakan. Sa lahat ng sulok ng daigdig, limang beses araw-araw, ay "inaawit" ang pagpupuri sa Diyos at sa Kanyang huling Sugo na si Muhammad (SAS) mula sa mga tore ng daan-daang libo, o baka milyon pa, na moske sa buong mundo. Dagdag pa rito, ang madalas na papuri sa Diyos at kay Muhammad (SKP) ng mga tapat na Muslim ay isinasagawa araw-araw. Bahagi nga rin ng limang obligadong pagdarasal araw-araw na isama ang papuri kina Abraham at sa mga inapo nito, at kay Muhammad (SKP) at sa mga inapo niya. Kilala ito sa tawag na *as-Salátul Ibráhímiyah.*

Ang taong darating ay may kaugnayan sa mga Arabe, at lalo na sa mga inapo ni Ismael (na naninirahan sa Makkah at sa karatig-pook nito). Ang talata 11 ng ika-42 kabanata ng Isaias ay tandisang hindi nag-iiwan ng maipagdududa hinggil sa pagkakakilanlan ng **propeta.**

"Mangaglakas ng kanilang tinig ang ilang at ang mga bayan niyaon, ang mga nayon na tinatahanan ng Cedar (Kedar sa Ingles): magsiawit ang mga nananahan sa Selah, magsihiyaw sila mula sa taluktok ng mga bundok."

Ayon sa Aklat ng Genesis, si Kedar ay ang ikalawang anak ni Ismael (Gen. 25:13). Ang pinakakilalang propeta na nagmula sa mga inapo ni Ismael ay si Muhammad (SKP). Ang kanyang mga kaaway (na mula sa kanyang lipi!), na iniligaw ng kanilang mga pinuno o ng mga makapangyarihang tao (gaya ng paglalarawan sa Isaias 21:17) ay yumakap bandang huli sa Islam at niyakap din sila ng Islam. Tunay na may katwiran sila na "**Mangaglakas ng kanilang tinig,**" na "**magsiawit**" ng papuri sa Diyos, at "**magsihiyaw sila mula sa taluktok ng mga bundok.**" Hindi kaya posibleng iyon ay pagtukoy sa pagsigaw ng:

***"Bilang pagtugon sa Iyong panawagan, o Allah, bilang pagtugon sa Iyong panawagan; bilang pagtugon sa Iyong panawagan, wala Kang katambal, bilang pagtugon sa Iyong panawagan. Tunay na ang papuri at ang pagbibiyaya ay ukol sa Iyo at ang paghahari; wala Kang katambal."***

Ang "pagsigaw" na ito ay "inaawit" taon-taon ng maraming Muslim mula sa iba't ibang dako ng mundo sa Bundok ng Arafat bilang bahagi ng taunang seremonya ng *hajj* (*pilgimage*).

Ang ika-42 kabanata ng Isaiah ay tunay na kabigha-bighani. Ito ay hindi isang pahapyaw o di-maliwanag na pagtukoy sa lingkod at sugong iyon ng Diyos na darating pagkalipas ng mga siglo. Sa halip ito ay isang masaklaw na balangkas ng paglalarawan na naaangkop lamang kay Propeta Muhammad (SKP) at wala nang iba pa. Higit sa lahat, ang kabanata ay nag-uugnay sa paglalarawang ito kay Kedar na anak ni Ismael, at wala nang ibang inapo si Ismael na aakma sa mga paglalarawang ito kundi si Muhammad (SKP).

Si Doctor Jamal Badawi, ang may-akda ng aklat na ito, *Muhammad in the Bible*, ay isang *Assistant Professor* ng *Business Management* sa St. Mary's University, Halifax, Canada.

# SI MUHAMMAD
## SA BIBLIYA

ANG PAGSANGGUNI SA BIBLIYA

BATAYAN NG PAG-
TANGGAP

ANGKAN NG MGA
PROPETA

ANG SALAYSAY NG
MUSLIM

ANG PROPETANG GAYA
NI MOISES

ANG ILAN PANG PAL-
ATANDAAN NG
PROPETA MUHAMMAD
SA BIBLIYA

محتوى الكتاب

- الاستشارة في الإنجيل
- أدلة للقبول
- أهل الأنبياء
- حكاية مسلم
- النبي الذي كمثل موسى .
- بعض علامات النبي محمد عليه الصلاة و السلام في الإنجيل .



SBN: 9960-9042-3-9

مطبعة النرجس - ت: ٢٣١٦٦٥٣ ف: ٢٣١٦٨٦٦

المكتب التعاوني للدعوة بالروضـ

هاتف : ٤٩٢٧٢٧عشرة خطوط - فاكس : ٠١١٧٥

رقم حساب الكتب و الزكاة :٢٠٤٦٠٨٠١٠١٠٩٠٩٢ التبرعات : ٤٦٠٨٠١٠١٠٩٠٨٤

حساب الوقف : ٢٩٦٦٠٨٠١٠١٣٣٠٠٠بمصرف الراجحـ